| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | MAKABANSA |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 26 - 30, 2024 (WEEK 5) | Markahan: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang kakayahan | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naipakikita ang kakayahan sa pag-awit<br><br>Nakaaawit ng simpleng kanta | Naipakikita ang kakayahan sa paglikha ng tunog gamit ang mga bagay<br><br>Nakalilikha ng tunog gamit ang mga bagay na makikita sa kapaligiran | Naipakikita ang kakayahan sa pagsayaw<br><br>Nakasasayaw sa saliw ng tunog o musika | Naipakikita ang kakayahan sa pakikipaglaro<br><br>Nakalalahok sa gawaing pampalakasan |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Sining sa Pag-awit | Paglikha ng Tunog Gamit ang Patpat at *Plastic Bottle* | Pagsayaw | Paglalaro |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG K to 10 Curriculum Makabansa Baitang 1 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | -Kopya ng "Mga Palaka" | - patpat o lapis<br>- *plastic bottle* | - bidyo ng "Ang Pipit" | - bolang papel<br>- *plastic cup* |

| IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Ipaawit ang awiting "Tong, tong, tong, tong, pakitong kitong"<br><br>Tong, tong, tong tong pakitong-kitong,<br>Alimango sa dagat,<br>Malaki at masarap,<br>Mahirap hulihin sapagkat nangangagat.<br><br>Siguruhing naaawit ng mga mag-aaral ang awitin. Maaaring lagyan ng galaw ang awitin at ipagawa ang mga ito. | 1. Awitin ang "Tong, tong, tong, tong pakitong-kitong".<br><br>2. Awitin ito nang mahina at malakas, at mabilis at mabagal. Pag-aralan kung paano ito aawitin ng mga mag-aaral gamit ang mga elementong nabanggit.<br><br>3. Samahan naman ngayon ng tunog mula sa palakpak at padyak habang inaawit ang kanta. | 1. Sundin ang mga *warm-up exercises* na gagawin ko: "*shaking of hands*" at "*simple stretching*".<br><br>2. Gawin ang mga sumusunod na simpleng ehersisyo sa bilang na walo sa bawat kilos.<br>-Pag-ikot ng ulo<br>-Pag-ikot ng balikat paharap<br>-Pag-ikot ng baywang<br>-Pag-ikot ng tuhod<br>-Pag-ikot ng paa<br>-Pag-jogging<br><br>Ipagawa ang *inhale* at *exhale* pagkatapos ng ehersisyo. | **Tandaan:**<br><br>Gawin ang klase sa labas ng silid-aralan upang magkaroon ng sapat na espasyo para sa mga gawain.<br><br>Ipagawa muli ang simpleng ehersisyo sa mga mag-aaral na ipinagawa kahapon. |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa pag-awit<br><br>Nakaaawit ng simpleng kanta | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa paglikha ng tunog gamit ang mga bagay<br><br>Nakalilikha ng tunog gamit ang mga bagay na makikita sa kapaligiran | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa pagsayaw<br><br>Nakasasayaw sa saliw ng tugtog o musika | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa pakikipaglaro<br><br>Nakalalahok sa gawaing pampalakasan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/ Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br>Awitin<br>Pag-awi<br>t | Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br>Tunog<br>Pagtugto<br>g<br>*Steady beat* | Ipakikilala ng guro ang salita at gagamitin niya ito sa pangungusap.<br>Sayaw | Ipakikilala ng guro ang mga sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br>Palakasan |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipaawit ang awiting "Mga Palaka".<br><br>Mga Palaka,<br>Mga Palaka<br>Sila'y masaya<br>Malaki ang<br>mata, Maliit ang<br>paa, Magaling<br>kung kumanta,<br><br>Kokak, kokak, kokak, kokak<br>Oh gali gali gak, 2x<br><br>Maghanap ng kopya ng kantang "Mga Palaka" o katulad na kanta.<br><br>Ipaulit ang awitin. Maaaring ipakanta ito nang mahina at malakas, mabilis at mabagal | 1. Magsasanay tayo ng *steady beat* sa pamamagitan ng pagpalakpak.<br><br>2. Gumawa ng *steady beat* at siguraduhin na nasusundan ito ng mga mag-aaral.<br><br>Ipaliwanag na ang *steady beat* ay tumutukoy sa pare-parehong pulso o regular na pag-ulit ng tunog sa musika.<br><br>3. Gawin ulit ang *steady beat* gamit ang lapis. Muling tiyakin na makukuha o masusundan ng mag- aaral ang *steady beat.*<br><br>4. Muling awitin ang "Tong, tong, tong tong pakitong-kitong" habang ginagawa ang *steady beat* gamit ang lapis. Pag-aralan ang awitin. Maaring awitin ito nang malakas at mahina; o mabilis at mabagal. | 1. Gumawa ng *steady beat*. Hayaang maramdaman ng mga mag-aaral ang *steady beat*. Maaari silang pumalakpak o pumadyak upang masundan ang *beat*.<br><br>2. Ipaawit ang isang kanta na natutuhan ng mga mag-aaral sa nakaraang araw kasabay sa *beat* na iyong ginawa. Siguruhing nagagawa ng mga mag- aaral ang pag-awit sa tamang *beat*.<br><br>3. Gumawa ng mga kilos habang inaawit ang kanta katulad ng paggalaw ng ulo, pagwagayway ng kamay, pagpadyak ng paa sa kanan, kaliwa o harap at iba pang galaw. Susundan ito ng mga mag-aaral. | **Unang laro: Batuhang Papel**<br><br>Panuto:<br>1. Maghanap ng kapareha.<br>2. Bigyan ang magkapareha ng bolang papel.<br>3. Gumawa ng dalawang linya at paghiwalayin ang magkapareha. Bawat kapareha ay nasa kabilang linya.<br>4. Ang nasa isang panig lamang ang may hawak ng bolang papel. Sa hudyat ng guro ay ibabato ang bolang papel at sasaluhin ng kapareha na nasa kabilang linya.<br>5. Gawin ang laro ng papalayo ang magkapareha sa bawat *round*. Matatanggal ang magkapareha kung hindi masalo ang bolang papel. Itatanghal na panalo sa laro ang huling makasalo sa bolang papel sa pinaka malayong distansiya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Mga Tanong:<br>1. Sa awiting "Mga Palaka", ano ang kanilang pakiramdam?<br>2. Ano ang paglalarawan sa mata ng mga ito? Ano naman ang paglalarawan sa kanilang paa?<br>3. Ano ang tunog ng palaka?<br>4. Ano ang kakayahan ng mga palaka?<br><br>Katulad sa awiting "Mga Palaka", tayo ay may kakayahan din sa pagkanta.<br>Ang pagkanta o pag-awit ay paglikha ng musika gamit ang tinig o boses.<br>Ang awitin naman ay musika na magandang pakinggan.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Mayroon ba kayong kakayahang umawit? | Mga Tanong:<br>1. Nagustuhan ba ninyo ang gawain? Bakit?<br>2. Ano ang nalilikha sa pagpalakpak ng kamay at pagpalo sa patpat?<br>3. Ano-ano pa ang mga bagay na lumilikha ng tunog?<br><br>Ang tao ay may kakayahang lumikha ng tunog. Ang tunog ay naririnig ng ating tainga. Sa ating aralin, tayo ay lumikha ng mga tunog mula sa pagpalakpak at sa pagpalo ng patpat. Ito rin ay sinasabayan sa pag-awit. Instrumentong pangmusika naman ang ginagamit para sa mga awitin. | Mga Tanong:<br>1. Ano ang inyong inawit?<br>2. Ano-ano ang mga kilos na inyong ginawa?<br>3. Ano ang tawag sa inyong ginawa?<br><br>Lahat tayo ay may kakayahan sa pagsayaw. Ang sayaw ay paggalaw ng katawan sa saliw ng musika.<br><br>Ipakita ang iba't ibang simpleng galaw na ginagamit sa sayaw. | **Ikalawang laro: "Pagulungin Ang Bola"**<br><br>Panuto:<br>1. Gumuhit ng bilog sa sahig at mga linyang pananda ng mga mag-aaral.<br>2. Gamit ang bolang papel, ipagugulong ito ng mga mag-aaral upang mapunta sa bilog mula sa pinakamalapit na panandang itinakda ng guro.<br>3. Matatanggal ang magkapareha na hindi naipuwesto sa bilog ang bolang papel. Magpapatuloy ang laro sa sumusunod na pananda na ginawa ng guro hanggang may maiwang magkapareha na itatanghal na panalo sa laro.<br>4. Ang laro ay gagawin ng magkapareha. Mag-usap ang magkapareha ng estratehiya upang maipanalo ang laro. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Sino sa inyo ang may kakayahang umawit? | | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Panuto:<br>Umawit muli ng kantang "Mga Palaka". Ituro at ipasaulo sa mga mag-aaral ang galaw para sa kanta. Bumuo ng pangkat na may tatlong mag-aaral. Bigyan sila ng limang (5) minuto upang mag-ensayo. Pagkatapos ay isagawa ang pag-awit sa harapan ng klase. | **Gawain 1. "Paggawa ng Tunog"**<br><br>Panuto:<br>1. Pangkatin ang mga mag- aaral sa apat na grupo.<br><br>2. Lumikha ng tunog gamit ang *plastic bottle* na walang laman. Upang makalikha ng iba pang tunog, maaaring gamitin ang patpat o lagyan ng laman ang *plastic bottle*. Maaari ring gamitin ang papel sa paglikha ng tunog.<br><br>3. Awitin ang "Mga Palaka" habang ginagawa ang mga tunog.<br><br>4. Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral upang mag-ensayo. Magtatanghal ang mga mag-aaral sa harapan pagkatapos ng itinakdang oras. | **Gawain 1. "Isayaw Mo"**<br><br>Panuto:<br>Maghanap ng kopya ng bidyo ng "Ang Pipit". Sabihin sa mag-aaral na sundan ang mga galaw na ipinapakita sa bidyo sa saliw ng kantang "Ang Pipit". Ulit-ulitin ang bidyo hanggang sa masundan ng mga mag-aaral ang galaw. (Hindi kailangang kantahin.) Bigyan ng sapat na minuto upang matutuhan ang galaw. Pagkatapos ay ipatanghal ito sa klase (maaaring grupo).<br><br>**Tandaan:** Maaaring gumamit ng ibang tugtog para sa gawain basta't isaalang-alang ang kaangkupan ng gagamiting kanta sa mga mag-aaral at maging ang mga kilos o galaw na ipagagawa. | **Ikatlong laro:**<br>**Ibuslo ang Bola**<br><br>Panuto:<br>1. Gawin ang laro ng magkapareha.<br>2. Gamitin muli ang bolang papel at *plastic cup*. Papiliin ang magkapareha kung sino ang hahawak ng bolang papel at hahawak ng *plastic cup*.<br>3. Ang layunin ng laro ay ibabato ang bolang papel at sasaluhin naman ito ng kapareha gamit ang *plastic cup*. Katulad ng naunang laro, gagawin ang pagbato at pagsalo sa mga distansiyang itinakda ng guro at mananalo ang huling magkapareha na makakasalo sa bolang papel.<br><br>**Tandaan:**<br>Tiyakin ang maayos na daloy ng mga laro. Alalayan at tulungan ang mga mag-aaral sa kanilang gagawin sa laro upang matagumpay na maipakita ang kanilang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | kakayahan. Tiyakin din na masaya ang kanilang laro at ligtas ang mga ito. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | | Tanong:<br>Ano ang inyong naramdaman habang ginagawa ang pagtatanghal? Bakit? | Tanong:<br>Ano ang inyong naramdaman habang sumasayaw? Bakit? | Mga Tanong:<br>1. Ano-ano ang iyong mga kakayahan na ipinakita sa mga laro?<br>2. Paano mo ginawa ang mga kakayahang ito? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Magbanggit ng mga pahayag.<br>Magpakita ng "*thumbs up*" kung ikaw ay sang-ayon sa pahayag at "*thumbs down*" naman kung hindi.<br>1. Naaawit ko ang kantang "Mga Palaka".<br>2. Nagagawa ko ang mga kilos habang kinakanta ang awiting "Mga Palaka".<br>3. Naiintindihan ko ang awiting "Mga Palaka".<br>4. Nagkaroon ako ng tiwala sa aking sarili sa pag-awit kasama ang aking kagrupo. | Panuto: Pumalakpak kung ang mga sumusunod ay lumilikha ng tunog at kumaway kung ito ay hindi.<br>1. Pagpadyak ng paa<br>2. Pagtango ng ulo<br>3. Pagpitik sa papel<br>4. Pagsipol<br>5. Pagtapik sa bahagi ng katawan | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

_________________________
Guro

Nirebyu ni:

_________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________
School Head